Pahintulot sa Pfizer-BioNTech na Bakuna sa COVID-19
Para sa mga Indibidwal na Wala pang 18 Taong Gulang

1 Impormasyon ng Bata (paki-print):

Pangalang ng Bata (Apelyido, Pangalan, Gitna) Petsa ng Kapanganakan (buwan/araw/taon)

Address ng Kalye Lungsod Estado Zip

Numero ng Telepono

2 Impormasyon sa mga panganib at benepisyo ng Pfizer na Bakuna sa COVID

Ang Food and Drug Administration (FDA) ay inawtorisa ang emerhensyang paggamit ng Pfizer na bakuna para maiwasan ang COVID-19 sa mga tao na 12 taong gulang ang edad at higit pa. Ang FDA ay wala pang inaaprubahan na anumang bakuna para maiwasan ang COVID-19. Upang matutunan ang higit pa tungkol sa mga panganib, benepisyo, at epekto ng Pfizer na bakuna, basahin ang Fact Sheet para sa mga Tatanggap at Tagapag-alaga.

3 Pahintulot

Nabasa at nauunawaan ko ang impormasyon sa mga panganib at benepisyo ng Pfizer na Bakuna sa Seksyon 2 sa itaas. Ako ay sumasang-ayon na:

1. Ako ang magulang o legal na katiwala ng batang pinangalanan sa itaas at mayroon legal na awtoridad para pahintulutan na siya/sila ay mabakunahan ng Pfizer na bakuna.
2. Nauunawaan ko na kung ang batang pinangalanan sa itaas ay 12 hanggang 15 taong gulang, isang responsableng adulto ay dapat na naroon kapag kanilang tinanggap ang pagbabakuna. Kung hindi magagawang samahan ng isang magulang o legal na katiwala ang bata, ako ay nagbibigay pahintulot para sa responsableng adulto na pinangalanan sa itaas na samahan sila. Nauunawaan ko na ang adultong ito ay dapat na magpakita ng photo ID.*
3. Nuunawaan ko na kung ang batang pinangalanan sa itaas ay 16 o 17 taong gulang, inirerekomenda na naroon ang isang magulang, legal na katiwala, o responsableng adulto kapag ang bata ay binabakunahan. Nauunawaan ko na sa pamamagitan ng pagbibigay ng aking pahintulot sa ibaba, ang bata ay tatanggap ng Pfizer na Bakuna maging ako man ay naroon o wala.
4. Nauunawaan ko na tulad ng inaatas ng batas ng estado (Health and Safety Code, § 120440), ang lahat ng pagbabakuna ay iuulat sa Rehistro ng Pagbabakuna ng California (CAIR2). Nuunawaan ko na ang impormasyon sa CAIR2 record ng bata ay ibabahagi sa lokal na kagawaran ng kalusugan at sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado. Ito ay itatrato bilang kumpidensyal na medikal na impormasyon at gagamitin lamang para maibahagi sa isa't isa o sa pinapayagan ng batas. Maaari akong tumanggi sa pagpayag na mas lalo pang maibahagi ang impormasyon at hilingin na i-lock ang

CAIR2 record sa pamamagitan ng pagsusumite ng Kahilingan na I-lock ang Aking CAIR Record na form.

5. Nauunawaan ko na sa paglalagda sa form na ito aking binibigyan ng permiso ang County ng Los Angeles at mga kalahok na partner sa pagbabakuna na makipag-ugnayan sa akin tungkol sa mga paalala at pag-akses sa isang elektronikong record sa pagbabakuna para sa bata.

6. Nauunawaan ko na hindi ako magbabayad para sa alinman sa bakuna o sa gastusin sa pangangasiwa nito. Kung mayroon akong health insurance, nauunawaan ko na ang aking insurance company ay maaaring singilin para sa gastusuin sa pangangasiwa ng bakuna.

AKO AY NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT para sa batang pinangalanan sa itaas ng form na ito na mabakunahan gamit ang Pfizer-BioNTech na Bakuna sa COVID-19 at sinuri at sinang-ayonan ang impormasyon na kabilang sa form na ito.

Pangalan ng Magulang o Legal na Katiwala (Apelyido, Pangalan, Gitna)

Lagda Petsa

Address kung iba sa itaas

Numero ng Telepono (mas mainam ang cell phone)

Relasyon sa Bata

Para sa 12 hanggang 15 taong gulang na hindi masasamahan ng kanilang magulang o legal na katiwala lamang:

Pangalan ng responsableng adulto na aking inaawtorisa na samahan ang bata

☐ Ako ay isang malaya o sapat sa sariling (self-sufficient) menor de edad o kasal o dating kasal. *(Kung iyong lalagyan ng tsek ang kahon, hihilingin sa iyo na patunayan ito sa iyong appointment sa bakuna.)*

*Eksepsyon: Kung ang menor de edad ay binabakunahan sa paaralan, kinakailangan ng pahintulot; gayunpaman, dapat na masunod ang gabay ng paaralan sa kung sino ang kailangang naroon sa pagitan ng magulang/legal na katiwala o pinangalanang adulto.